## Magkaroon ng Bagong Buhay sa Ontario

Isang patnubay para sa mga bagong dating

## MATUTO TUNGKOL SA:
## PAHUSAYIN ANG IYONG INGLES O PRANSES

Bilang isang bagong dating sa Ontario, maaaring marami kang mga katanungan.

Mabibigyan ka ng patnubay na ito ng karagdagang impormasyon tungkol sa:

- Pag-aaral ng Ingles at Pranses
- Saan ka makakapag-aral
- Special training para sa Ingles o Pranses na kinakailangan sa trabaho
- Training sa Ingles o Pranses para sa kolehiyo at unibersidad
- Pagkuha ng tulong sa Ingles o Pranses para sa iyong mga anak.

**Anong mga wika ang sinasalita sa Canada?**

Dalawa ang opisyal na wika sa Canada, Ingles at Pranses. Mahalaga ang mayroon kang kakayahang makipag-usap sa wika ng iyong komunidad, at sa wikang ginagamit sa trabaho.

**Bago ka dumating sa Ontario…**

Maraming paraan upang pahusayin ang iyong kakayahan sa Ingles o Pranses bago ka dumating sa Ontario. Maaari kang kumuha ng mga kurso sa Ingles o Pranses sa iyong bansa. Maaari ka ring kumuha ng distance education courses. Maraming mga web site na makakatulong sa iyo na malaman kung gaano kahusay ang iyong Ingles o Pranses, kung paano mapapahusay ito, at magpasiya kung anong uri ng training para dito ang maaaring kailangan mo. Bisitahin ang 'Learn English' (Matuto ng Ingles) o ang 'apprendre le français' (matuto ng Pranses) na seksyon ng Ontario Immigration website sa: www.OntarioImmigration.ca.

**Anong mga uri ng language training ang mapipili ko?**

Sa Ontario, ang language training sa Ingles ay tinatawag na 'English-as-a-Second-Language' o ESL. Ang language training sa Pranses ay tinatawag na 'French-as-a-Second-Language' o FSL. May karagdagang impormasyon sa Ontario Immigration website tungkol sa Ingles o Pranses na kakailanganin mo upang manirahan at magtrabaho sa Ontario.

**Saan ako makakakuha ng mga klase sa Ingles o Pranses para sa adults?**

Maaari kang pumili mula sa maraming iba't-ibang full-time at part-time na language classes sa Ontario. Ang ilang mga klase, na tinatawag na 'adult non-credit language training', ay ibinibigay ng probinsiya ng Ontario. Ang ibang mga klase na tinatawag na 'Language Instruction for Newcomers to Canada' [Pagtuturo ng Wika para sa mga Bagong Dating sa Canada] (LINC) ay ibinibigay ng Gobyerno ng Canada. Ang dalawang uri ng mga klaseng ito ay inaalok sa buong Ontario ng English at French school boards, at ng mga ahensiya ng komunidad. Ang mga klaseng ito ay makakatulong sa iyo sa maraming iba't-ibang paraan:

- Madalas ay makakapili ka ng beginner, intermediate, o advanced level ng training.
- Mayroong mga pangkalahatang programa para sa pagsasalita, pakikinig, pagbabasa at pagsusulat.
- Ang ilang programa sa training ay nakakatulong sa pagpapahusay ng iyong business skills sa mga tanging seksyon sa trabaho tulad ng accounting, computer, o komunikasyon.
- Mayroong ilang mga klase sa ESL na makakatulong sa iyo kung kaunti lamang o wala kang edukasyon mula sa iyong sariling bansa.
- May mga klase na makakatulong sa iyo na maghanda para sa mga test sa wika tulad ng TOEFL upang makapasok sa kolehiyo o unibersidad.
- Mayroong mga klase para sa Citizenship and Language na magbibigay sa iyo ng kaalaman tungkol sa Canada at Ontario, at na magbibigay sa iyo ng impormasyon na kailangan mo upang pumasa sa citizenship test.

Libre ang mga klase sa language training. Maaari silang makuha sa iyong komunidad sa araw, gabi, o Sabado o Linggo. Kung karapat-dapat kang magpunta sa mga klase sa LINC, kailangan munang malaman ang iyong kakayahan sa wika. Ito'y ginagawa ng isang Language Assessment Centre. Pagkatapos ay papupuntahin ka ng Language Assessment Centre sa isang programa na tama para sa iyo. Upang maghanap ng Language Assessment Centre na malapit sa iyo, bisitahin ang Ontario Immigration website.

**Paano kung hindi ako makakapunta sa klase?**

Kung hindi ka makakapunta sa klase, mayroon kang ibang mga magagawa:

- Matutulungan ka ng ilang mga website na pahusayin ang iyong kakayahan sa wika

- Maaari kang mag-aral sa bahay at maaari mong ipadala ang iyong trabaho sa isang guro sa Ontario's Independent Learning Centre (ILC). Mahahanap mo ang ILC sa: www.ilc.org.
- Ang LINC ay may home study program na makakatulong sa iyong pabutihin ang iyong pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat. Maaari kang mag-aral sa bahay, at makakuha pa rin ng guidance o patnubay mula sa isang guro bawat linggo.

**Saan ako makakakuha ng language training para sa aking trabaho?**

Kung ikaw ay may training sa isang ispesipikong trade o propesyon sa Pilipinas, maigi ang pahusayin ang iyong kaalaman sa Ingles o Pranses na makakatulong sa iyo sa trabaho. Eto ang dalawang magagawa:

- May ilang bridge training programs na nag-aalok ng training sa Ingles o Pranses para sa lugar ng trabaho. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa bridge training programs, bisitahin ang 'Work in Your Profession' [Magtrabaho sa Iyong Propesyon] na seksyon ng Ontario Immigration website sa: www.OntarioImmigration.ca.
- Ang Enhanced Language Training (ELT) ay tumutulong sa iyong pahusayin ang iyong Ingles o Pranses para sa mga ispesipikong propesyon.

**Makakakuha ba ako ng training sa Ingles o Pranses at maipagpapatuloy ko ba ang aking edukasyon?**

Kung ikaw ay higit sa 21 taong gulang, may mga espesyal na kurso sa Ingles o Pranses na makakatulong sa iyong makatapos ng high school. Ang ilan sa mga kursong ito ay makakatulong sa iyong pahusayin ang iyong Ingles o Pranses para sa araw-araw na pamumuhay, habang ang iba naman ay makakatulong sa iyo sa iyong mga pag-aaral sa high school, o sa kolehiyo o unibersidad. Kung mahusay ka mag-Ingles o Pranses, maaari kang makakuha ng mga kurso na makakatulong sa iyo sa business presentation at komunikasyon. Mayroon ding mga kurso sa English Literacy Development na makakatulong sa iyo kung nahihirapan kang magbasa at magsulat.

Upang matanggap sa isang kolehiyo o unibersidad sa Ontario, maaaring hilingin kang kumuha ng isang language test. Halimbawa, maraming mga kolehiyo at mga unibersidad ang gumagamit ng 'Test of English as a Foreign Language' (TOEFL), o ng 'International English Language Testing System' (IELTS). Maraming mga unibersidad at mga kolehiyo sa Ontario ang nag-aalok ng mga programa sa language training. Karaniwan kang sisingilin ng isang fee para sa mga kursong ito.

**Saan makakakuha ng language training ang aking mga anak?**

Ang mga elementary at high school sa Ontario ay nag-aalok ng special language training para sa mga batang:

- Hindi nagsasalita ng Ingles o Pranses bilang kanilang unang wika, o
- Nagsasalita ng isang uri ng Ingles o Pranses na naiiba sa wikang sinasalita sa mga paaralan sa Ontario.

Ang mga estudyanteng nag-aaral ng Ingles at pumapasok sa elementary o high school ay makakakuha ng tulong mula sa mga guro na sanáy sa mga nag-aaral ng wika. Ang mga estudyante ay makakakuha rin ng tulong upang idibelop ang language at literacy skills. Ang ilang Ontario school boards ay may mga reception centre para sa mga bagong dating. Masusukat ng mga sentrong ito ang kahusayan ng iyong anak sa wika, at makakatulong ito sa iyong maghanap ng isang paaralan na magbibigay ng suportang kailangan nila.

**Saan makakakuha ng karagdagang impormasyon**

Nais mo bang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa paninirahan, pagtratrabaho at pag-aaral sa Ontario? Bisitahin ang Ontario Immigration website sa: www.OntarioImmigration.ca.